

Pwedeng

MAG-REHISTRO UPANG BUMOTO

sa paparating na halalan
para sa SFUSD School
Board ang mga magulang
na hindi citizen ng US


1 SURIIN ANG MGA KINAKAILANGAN UPANG MAGING KWALIPIKADO PARA BUMOTO

Kung hindi ka citizen ng US, kailangan mong tuparin ang lahat ng mga kinakailangan sa susunod na listahan upang makaboto sa paparating na halalan para sa School Board:

- Nakatira ka sa San Francisco
- 18 taong gulang ka o mas matanda ng Pebrero 15, 2022
- Magulang, legal guardian, o tagapag-alaga ka ng batang mas bata sa 19 taong gulang na nakatira sa San Francisco
- Hindi ka nakaturing “wala sa matinong pag-iisip” o hindi makaboto dahil sa kapansanang mental ng isang korte
- Hindi ka nasa bilangguang estado o pederal dahil sa isang felony conviction

2 MAG-REHISTRO NG ENERO 31, 2022

I-scan ang QR code o bisitahin ang bit.ly/SFimmigrantvoteFI upang i-print ang Non-Citizen Voter Registration Form (porma para mag-rehistro kapag hindi ka citizen ng US), at ibalik sa Department of Elections sa pamamagitan ng mail o personal sa City Hall.



3 BUMOTO NG PEBRERO 15, 2022

Mag-desisyon kung paano bumoto: sa pamamagitan ng mail o personal sa City Hall Voting Center o isang polling place (istasyon ng botohan). Mga kwalipikadong botante na hindi nakarehistro sa deadline ay pwede pang bumoto sa araw ng halalan sa pamamagitan ng isang provisional ballot sa City Hall Voting Center o sa kanilang naka-assign na polling place. Upang hanapin ang iyong naka-assign na polling place, bisitahin ang sfelections.org/portal/NCV, tawagin ang (415) 554-4310, o i-tsek ang likod ng iyong Voter Information Booklet.

May mga tanong? Tawagin ang Department of Elections sa (415) 554-4310, o bisitahin ang sfelections.org/NCV.

Para sa iba pang tulong, i-kontak ang isa sa mga susunod na organisasyon na bahagi ng Immigrant Parent Voting Collaborative (kolektibo para sa mga migranteng magulang na botante):

African Advocacy Network

3106 Folsom St.
(415) 503-1032
aansf.org

Arab Resource and Organizing Center

522 Valencia St.
(415) 861-7444
araborganizing.org

Central American Resource Center

3101 Mission St., Suite 101
(415) 642-4400 / (415) 872-7465
carecensf.org

Chinese for Affirmative Action

17 Walter U. Lum Pl.
(415) 274-6750
caasf.org

Coleman Advocates for Children and Youth

459 Vienna St.
(415) 239-0161
colemanadvocates.org

La Raza Community Resource Center

474 Valencia St., Suite 100
(415) 863-0764
larazacrc.org

Mission Economic Development Agency

2301 Mission St., Suite 301
(415) 282-3334
medasf.org

Mission Graduates

3040 16th St.
(415) 864-5205
missiongraduates.org

Upang makakuha ng mga abiso tungkol sa susunod na mga oportunidad upang bumoto at iba pang mga update, gawin ang itong survey: bit.ly/IPVCsurvey22

MGA BOTANTENG HINDI CITIZEN NG US: ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

- Hindi pwedeng bumoto ang mga hindi citizen ng US sa kahit anong ibang lokal, estadong, o pederal na halalan.
- May karapatan kang tumanggap ng tulong sa pag-rehistro at pagboto sa wikang ginagamit mo.
- Ang impormasyong binibigyan mo sa Department of Elections sa pag-rehistro, kasama ng iyong pangalan at tirahan, ay pwedeng i-access ng mga ahensyang pederal, kasama ng Immigration and Customs Enforcement.
- Kapag hiniling mo, ang Department of Elections ay pwedeng magsulat ng isang liham na nagpapaliwanag na kwalipikado kang bumoto sa halalan ng San Francisco School Board bilang isang tao na hindi citizen ng US, na baka kailangan para sa naturalization process.